**"Ondoy: Ang buhay sa bubong" – 1st prize – Dulang May Isang Yugto 2011**

**Synopsis**

In or out? Sa gitna ng hagupit ng bagyong Ondoy ay patuloy rin ang hagupit ng mga problema sa buhay ng mag-asawang Mercy at Obet. Sa bawat buhos ng malakas na ulan at hampas ng nag-aalburotong hangin, mahihimay ng mag-asawa ang kanya-kanya nilang hinagpis. Sa kabila ng pagtatrabaho ni Obet sa Canada, hindi niya napalago ang naipong pera dahil ibinuhos ito lahat sa scam. At sa pangungulila naman ni Mercy sa asawa, nagdadalang tao siya sa kanyang dating nobyo. Ang tanging natitirang kayamanan nila ay ang bahay. Nais ni Mercy na umalis si Obet sa bubong na tanging nagsalba sa kanila mula sa mataas na baha. Pero hindi papayag si Obet na iwanan na lang basta ang bahay na kanya ring pinag-ipunan at ginastusan. Wala ni isang tao o anumang bagay ang makakasagip sa kanila sa delubyo ng bagyong Ondoy maging sa delubyo ng kanilang buhay. Wala ng pera si Obet at maging ang kanyang nanay na mukhang pera ay tinalikuran siya. May sariling pamilya rin si Alex, dating nobyo ni Mercy, kaya hindi rin niya pananagutan si Mercy.

Habang dumarating sa rurok ang hagupit ni Ondoy, humahantong din sa tugatog ang pagdidiskubre ng mag-asawa sa kanilang problema. Pero sa bandang huli, sa pagtila ng bagyo, may mabu-boot out kaya sa bubong? Sino ang "in" at sino ang "out"?

**“Ondoy: Ang buhay sa bubong”**

**Mga Tauhan**

**MERCY** – nasa 30s, buntis at nagger na asawa at pessimistic sa buhay.

**OBET** – nasa 30s, under sa asawang si Mercy. Kasama si Obet sa mga na lay-off sa Canada, optimistic pero mahina ang diskarte sa buhay.

*Sa bubong ng bahay nina Obet at Mercy*

*(Hapon … the flood has reached its peak. Approximately more than 10 feet high (around 15 feet on some areas of Luzon and Metro Manila)*

*(Makulimlim ang paligid dahil sa bagyo, lakas ng ulan at hangin)*

*(Makikita sa entablado ang bubungang yero na kulay pink na matingkad.)*

*(Makikita si Obet sa kanang bahagi ng entablado habang si Mercy ay nasa kaliwang bahagi. Pinagigitnaan nila ang bubong.)*

*Intro narrating:*

**Obet:**

Dumi at putik sa aking katawan

Ihip ng hangin at katahimikan

Bawat patak ng ulan at ang lamig

Waring nag-uutos, upang maglaho ang pag-ibig

Aegis

*(Music up: Lead guitar from Aegis’ “Basang-basa Sa Ulan”)*

*(Lead guitar fades…)*

*(SFX: Gust of wind, lakas ng ulan and cars alarming …)*

*(Static SFX up)*

**V.O. Male Broadcaster:**

Patuloy ang pag-aalburoto ng bagyong Ondoy. Lubog na sa baha ang halos buong Metro Manila at iba pang bahagi ng Luzon …

*(SFX: Static sound then fades)*

**Maririnig ang boses ni Mercy off stage:**

Ooooobeeeett!!! Ako rin mag-aalburoto naaa! Hindi lang mag-aalburoto, sasabog pa akong parang bulkan ng bonggang bongga!

**Maririnig ang boses ni Obet off stage:**

*(hirap magsalita animoy may tinutulak)* Da-da-darling naman po. Konti na lang bubong na. Angat lang po ng konti ang paa.

**Maririnig ang boses ni Mercy off stage:**

Aray! Nahihirapan akong umakyat. Aray! Aray!

**Maririnig ang boses ni Obet off stage:**

*(hirap pa rin sa pagsasalita)* Eh ako nga po Darling halos pasanin na kita mula baba hanggang sa bubong. Diyus ku po!

*(Makikita mula sa kanan ng bubong ang isang malaking babaeng buntis, kasunod ang isang di katangkarang hinihingal na asawa.)*

*(SFX: Cars alarming fade. Gust of wind and rain continue)*

*(Makikitang nahihirapang makalakad si Mercy papunta sa gitna ng bubong dahil sa laki ng tiyan nito. Habang inaalalayan ni Obet ang asawa, makikita ang isang flashlight sa bulsa nito, sa kaliwang kamay hawak ang cellphone at sa kanang kamay ang isang maliit na plastic bag at payong. Basang-basa ang mag-asawa.)*

**Mercy:**

Leche! San ka ba nakakita? San ka nakakita na BUNTIS na umaakyat sa bubong!

Diyus ko! Obbbeetttt!!!! Mapapatay kita!

**Obet:**

*(hinihingal)* Darling naman po oh. Buti nasa bubong na po tayo, di tayo naanod ng tubig oh.

**Mercy:**

Pag hindi pa tumigil ang ulan na to ha? San mo pa ako paakyatin!? Eh ikaw kaya ang may bata sa tiyan!

*(SFX: Gust of wind, rain continue)*

**Obet:**

Darling, relax lang po …

*(Lalakad ang mag-asawa papunta sa gitna ng bubong, naghahanap ng makakapitan)*

*(SFX: static sound)*

**V.O. Broadcaster:**

Lumagpas na sa pinakamataas na lebel ang tubig sa Angat Dam kaya pinakawalan na rin ang tubig dito … Ayon sa PAG-ASA isa na ang bagyong Ondoy sa pinakamatinding bagyo na humagupit sa Pilipinas …

*(SFX: static sound)*

**Mercy:**

Ano ba papatayin mo ba ang radyo ng cellphone mo o gusto mong itarak ko yan sa ngalangala mo! *(gigil na sasabihin)* Pinapanerbyos ako nyan! Buksan mo yang payong!

*(SFX: static sound fades)*

*(Bubuksan ni Obet ang isang sira-sirang payong at ibibigay kay Mercy)*

**Obet:**

Ehto, ehto na po.

*(Kukunin ni Obet ang flashlight sa bulsa. Ilalapag ito at ang maliit na plastic bag malapit sa kinatatayuan niya.)*

*(SFX: Gust of wind and rain continue. Helicopter sound accelerating)*

**Mercy:**

Aba rescue na ba yan!? Kaway Obet! Bilis!

*(Habang nakatingala, kumakaway si Obet, iwawagayway ang payong sabay na sisigaw ang mag-asawa)*

**Obet:**

Dito! Tulong! Tulong! Dito!

**Mercy:**

Tulong! Tulong! Andito kami! Tulong! Tulungan nyo kami!

**Obet:**

Tulong! Tulong! Tulong! Tulong!

*(As the helicopter sound fades, voices of Mercy and Obet fades, sinusundan ng tingin ng mag-asawa ang direksyon ng helicopter.)*

**Obet at Mercy:**

TULONG! TULONG! TUlong. Tulong. tulong. tulong.

*(SFX: Helicopter sound fades)*

*(SFX: Gust of wind, rain continue)*

**Mercy:**

HAY! Kahit kailan talaga inutil ang mga nakaupo! Kung may mga dapat nakaaanod sa baha sila yun! Kung dapat may tamaan ng bagyo, sila yun!

**Obet:**

Darling, Darling relax lang kasi.

**Mercy:**

Mga inutil yang mga yan! Kung baga sa gera tayo ang nabubugbog!

**Obet:**

Oh ang puso mo. Wala tayo sa Iraq, nasa bubong lang tayo oh!

**Mercy:**

Aba sasagot ka pa. Eh kung isulpak kaya kita sa Angat Dam para mapigilan ang tubeg!

**Obet:**

Darling naman …

*(Obet maglalakad sa bubong at patingin-tingin sa paligid)*

*(SFX: Gust of wind, rain continue)*

**Obet:**

*(magugulat sa nakita)* Diyus ko po Darling! Grabe tignan mo ang lugar natin oh, parang … parang dagat na tinubuan ng bubong.

**Mercy:**

*(Hindi pinapansin si Obet. Indifferent. Iritable. Kinakausap ang sarili)* Kung kailan buntis pa, lintik na bagyong …

**Obet:**

*(Tumitingin sa malayo, may tinuturo at magtatawag)* Si Benjie oh! Benjie!!! Naku pu bakit nakabarong si Benjie sa bubong?! Aba di ba kasal nun ngayon?

**Mercy:**

Ang atupagin mo pano tayo makakaalis dito!

**Obet:**

Darling di kaya totoo yung kinukwento ni Benjie. Yun bang Mayan calendar.

**Mercy:**

Mayan, mayan ka dyan!

**Obet:**

Yung bang sa 2012 daw magugunaw ang mundo!

**Mercy:**

Tukmol! Naniwala ka naman!

*(SFX: Kukulog)*

*(Mapapahampas sa braso ni Obet si Mercy)*

**Obet:**

Naisip ko lang kasi. Yung Noah's Ark nga nangyare eh.

**Mercy:**

Lecheng to! Sige manakot ka pa!

*(Obet sounds wondering)*

**Obet:**

Hindi naman sa ganun Darling, kaso mo, first time itong nangyari oh. Kataas ng baha. Wala ka na ngang makitang lupa. Puro tubig oh!

**Mercy:**

Di ipabomba mo sa ninong mo ang mga lintik na kanal na yan. Ikaw ultimo pwit ng sigarilyo mo, balat ng stork mo, BIGAT na BIGAT kang itapon sa basurahan. Mayan, mayan ka dyan!

*(Mababaling ang tingin ni Obet sa isang direksyon)*

*(Mababaling ang tingin ni Mercy kung saan nakatingin si Obet)*

**Obet:**

*(sisigaw)* Benok! Benok! DonDon! Benok! Pasakay si Mercy sa salbabida nyo!!

Ano, ano?? Ha?? Cristine … Cristine Reyes asa bubong?? … Pupuntahan nyo??

**Mercy:**

Bakit uunahin nyo pa si Cristine Reyes?

**Obet:**

Benok baka mapanganak si Mercy. Ano??

**Mercy:**

Ulul pag nanganak ako mas sexy pa ako sa Crisitne Reyes na yan!!!

**Mercy:**

Buti pa mga tambay kahit babaliw-baliw may paraan! Sagipin mo nga ‘yung mga gamit sa baba.

**Obet:**

Darling naman, mga gamit pinag-aakyat ko na, yung mga damit pinagbabalot ko na. Talagang inabot pa rin ng tubig eh.

**Mercy:**

Yan, yan, yan. Pinapauna ko kasi ang pagkain pero ano delata *(kukunin ang mga delata mula sa nakalapag na plastic bag at isa-isang ibabato)* ang pinag-kukuha mo. Ni hindi mo nga mabuksan yang mga yan! Ano ngangatnagtin mo ang mga yan???

**Obet:**

Darling, rumaragasa kasi ang baha. Pag lumusong pa ako eh ako naman ang madadale.

**Mercy:**

Sabihin mo, kahit kelan wala kang silbe.

**Obet:**

Ay naku naman po! Darling wala naman ganyanan.

**Mercy:**

Putres! Sige nga sabihin mo sa ‘kin. Asa bubong na nga tayo, wala pa tayong nasagip, ang hirap nito wala pang sasagip sa ‘tin dito!

**Obet:**

Relax lang Darling…

**Mercy:**

Pati sarili mong anak, hindi mo ininda! Hinayaan mo kina Auntie Josie. Sino ang balak mong sumagip sa anak mo? Presidente ng Pilipinas?

**Obet:**

Sana kung kakayanin!

**Mercy:**

Gagu! Maaga pa kasi sinabi ko na sunduin ang bata. Puro ko mamamaya, mamamaya, mamamaya ng mamamaya. Pag may nangyaring masama kay John-John….

**Obet:**

Wala… Darling di yun papabayaan ni Auntie Josie.

**Mercy:**

Alam mo ikaw, kung baga sa PAG-ASA sinalanta na ng bagyo ang BUONG Pilipinas tsaka mo pa lang malalaman na AY? Ganun pala kalakas ang bagyo ano??? TANGA! Lagi kang huli, laging kapos sa kalkulasyon!

**Obet:**

Tinatawagan ko si Auntie Josie sa cellphone. Out of coverage area. Magiging okay din si John-John.

**Mercy:**

Diyan ka magaling. Okay lang darling, easy lang darling! Konting tiis lang Darling. Hindi dapat tayo nagtitiis! Gumawa ka ng paraan!

*(SFX: Gust of wind and rain continue)*

**Obet:**

Sige tatawagan ko na si nanay.

**Mercy:**

Nanay?

**Obet:**

Oo nanay ko…

**Mercy:**

Lintik! Nanay mo? Hindi ka talaga mabubuhay ng walang nanay.

**Obet:**

Darling emergency oh.

**Mercy:**

Ipapamukha na naman ng nanay mo na may utang na loob tayo. Hanggang sa hukay sisingilin tayo sa utang na loob na yan. Sige ataol ko ang ibabayad ko sa nanay mo!

**Obet:**

Di sa tatay mo na lang ako hihingi ng tulong.

**Mercy:**

Sira ulo ka talaga!!!

**Obet:**

Oh… oh… sorry… Darling easy lang.

**Mercy:**

Alam mo naman ang kahayupan nun tas… putang …

**Obet:**

Sorry … sorry …

**Mercy:**

Sira ulo ka!!!

**Obet:**

Si Ninong na lang ang tatawagan ko…

**Mercy:**

Sige tawagan mo yang ninong mong napakagaling.

**Obet:**

Si Ninong na nga lang Darling.

*(Mag-da-dial si Obet sa cellphone)*

**Obet:**

Hello Ninong… hello kapitan, ninong, kapitan. .. Obet ho. Si Obet. Opo. Si Mercy po nasa bubong … kailangan ng … ano po? Aba rubber boat!? Si mayor… baka po … ah si mayor …

**Mercy:**

Ano?? Ano sabe???

**Obet:**

Sige salamat na lang po Ninong.

*(Pipindutin ni Obet ang cellphone)*

**Mercy:**

Ano???

**Obet:**

Darling, may rubber boat daw!

**Mercy:**

Rubber boat!? May rubber boat? Asan?? Asan ang mga rubber boat!?

**Obet:**

Kaso kailangan raw sa city hall ang mga rubber boat. Eh tutal hindi ka pa naman raw manganganak.

**Mercy:**

Ano ba??? Kailangan ba ni Mayor LAHAT ng rubber boat sa city hall? LAHAT! Ako baka manganak na. Siya, inatake ba sya sa puso at hindi mapahiram ang ISANG rubber boat!

*(Mapapatingin si Obet sa isang direksyon)*

**Obet:**

Si Mang Timong! Mang Timong! Pasakay po sa batcha si Mercy! Mang Timong! Mga bata?? Mga bata?? Asa bubong din??? Sige Mang Timong! Sige po unahin nyo na mga bata!

**Mercy:**

Batcha??? Tulong? Sa batcha? Batcha, Obet!? Naisip mo ba kung kakayanin ako ng batcha! Ikaw sige size mo children's size. Ikaw ang sumakay sa batcha!

*(Biglang sasakit ang tiyan ni Mercy. Malilito si Obet kung lalapitan ang asawa o sisigawan si Mang Timong.)*

**Mercy:**

Aray ko! Diyus ko! Aray ko! Diyus ko!

**Obet:**

Oh Darling, darling … Mang Timong … Bumalik ka!

**Mercy:**

Aray! Aray! Aray!

**Obet:**

Darling, Darling, Mang Ti…

*(Lalapitan ni Obet si Mercy. Matataranta si Obet)*

**Obet:**

Darling, san ang masaket?

**Mercy:**

Aray! Aray ko! Arraayy!

**Obet:**

Darling san ang masaket?

**Mercy:**

Leche, san pa di ang tiyan ko!

**Obet:**

Darling, inhale, exhale…

*(Hihinga ng malalim si Mercy)*

**Obet:**

Inhale, exhale…

*(Hihinga ulit ng malalim si Mercy, habang si Obet sinasalo ang tiyan ni Mercy na parang pinipigilang lumabas ang bata)*

**Obet:**

Darling please wag ka muna manganak… kaya mo ba pigilan yan?

**Mercy:**

Ano to tae! Gagung to!

*(Lalong pang matataranta si Obet)*

**Obet:**

Kasi mauulanan ang bata. Walang bubong.

**Mercy:**

Leche! Asa BUBONG tayo oh!

**Obet:**

Aba OO nga, asa bubong tayo. Pero wala tayong bubong!

**Mercy:**

Nakatuntong nga tayo sa bubong! Etong bubong!

**Obet:**

Oo, me bubong tayo! Pero wala tayong bubong!

**Mercy:**

Punye… nandito nga tayo sa bubong, nakatuntong sa bubong!

**Obet:**

May bubong, walang bubong! Anu ba to Diyus ko asa bubong kami pero wala kaming bubong!

**Mercy:**

Diyus ko! Ba't ba ehto napangasawa ko???

**Obet:**

Dali lang, tatawagan ko si… dali lang Darling. Darling dali lang.

*(Kukunin ni Obet ang cellphone! Magda-dial siya sa cellphone.)*

**Obet:**

Hello Kapitan.

*(SFX: Static sound)*

**Obet:**

Hello ninong… kapitan… ninong… Diyus ko wala akong load, Darling me load ka ba dyan?

**Mercy:**

Aray aray…

**Obet:**

Darling …

**Mercy:**

Hayaan mo yung tukmol na yun… Di ko pa to ilalabas…

**Obet:**

Eh baka kasi…

**Mercy:**

Ano manganganak ako? E, isa ka pa! Hindi ka nga makagawa ng paraan.

**Obet:**

Darling naman po, puro tubig, walang signal, maulan.

*(Habang nag-iinhale exhale si Mercy)*

**Mercy:**

*(frustrated)* Di ko alam kung pinaparusahan ba ako ng Diyos at napangasawa kita o talagang kabuntot mo ang kamalasan! *(Itutulak si Obet at hihinto sa paghinga ng malalim)*

**Obet:**

Uy Darling puro below the belt na yan ah… Darling naman… malay mo huhupa na rin ang baha.

**Mercy:**

Sa taas nang bahang to, sige higupin mo lahat ng tubig na yan para humupa ang baha!

**Obet:**

Makakaalis din po tayo dito Darling.

**Mercy:**

*(frustrated)* PANO?  PANO?! Ikaw kung baga sa insekto mas may silbi pa ang ipis kaysa sa yo!

**Obet:**

Darling naman…

**Mercy:**

Trenta sais ka na utak otcho anyos ka pa rin!

**Obet:**

Sinusubukan naman po.

**Mercy:**

Sinusubukan? Sinusubukan?? SINUSUBUKAN? Kung pinagbutihan mo ang trabaho mo sa Canada, di sana wala tayo sa bubong na to. Sana napetisyon mo kami ni John-John.

**Obet:**

Babalikan pa ba natin yun???

**Mercy:**

Pag-aabroad na nga lang ang BUKOD TANGING ginawa mong matino, pinakawalan mo pa.

**Obet:**

*(Frustrated explaining)* World crisis naman po kasi Darling. Damay ang kumpanya namin.

**Mercy:**

May paworld-world-crisis ka pang nalalaman. Kung pinag-igihan mo, masasama ka ba sa mga na-lay off?

**Obet:**

Hindi ko naman po kontrolado ang world economy Darling.

**Mercy:**

Sabihin mo palpak ka na naman kasi. Alam mo na may prublema ang kumpanya ninyo sumasa-sama ka pa sa mga UNION doon.

**Obet:**

Darling alam mo naman, sinabi ko na pinagbintangan lang naman akong nanguna sa strike sa kumpanya. Napatunayan namang nasama lang ako sa gulo.

**Mercy:**

Napatunayan nga block listed ka pa rin!

**Obet:**

Buti nga nakabalik pa ko dito.

**Mercy:**

Diskarte! Diskarte! Wala ka nun, yun, yun ang krisis mo!

**Obet:**

Gagawan na po nang paraan.

*(Babaling sa isang direksyon si Obet)*

**Obet:**

*(Parang nabuhayan ng dugo)* Rubber boat ba ang mga yun?! Manong! Manong! Tulong! Tulong! …. Ano po puno na kayo??? Isa lang manong! Asawa ko buntis! Manong! Parang awa nyo na!

*(Kakaway si Mercy)*

**Mercy:**

Bumalik ka! Bumalik ka!!!

**Mercy:**

Walang rescue! Walang signal! Walang rubber boat! Walang salbabdida! Ni batcha! WALA!!! Ni mumog ng tinapay, WALA! WALA! Ikaw nandito ka nga pero BALEWALA. PUTANG INA!!! Pati SCAM!!! Scam na

pala pinatulan mo pa. Kung hindi pa ko nagpamanicure kay Tita Maris hindi ko pa malalaman! Kahit sino kasi pinagkakatiwalaan mo.

**Obet:**

Hindi ko naman kasi alam na lolokohin ako ni Paring Baste.

**Mercy:**

Etong bahay na to, ilang bwan pa lang na kakatapos nitong bahay. Ano lubog na! Panibagong gastos na naman!

**Obet:**

Makakayanan din natin to Darling.

**Mercy:**

Wala pang isang taon mula nang galing ka sa abroad, wala na lahat ng ipon natin!

**Obet:**

Naisip ko lang kasi na palaguin ang pera.

**Mercy:**

Sa instant na paraan? Sa scam?? Araw-araw imbes na pangkain mo ang pera , itataya mo pa sa lotto!

**Obet:**

Malay mo Darling kung swertihin.

**Mercy:**

Hindi ka kase nag-iisip! Sugud ka ng sugod, nauuwi ka sa gusot!

**Obet:**

Malay mo dito sa Pilipinas ako makakahanap ng permanenteng trabaho, di ko na kailangan lumayo.

**Mercy:**

Permanenteng trabaho nga, kulang pa sa pamasahe mo sa araw-araw ang sweldo mo! Eh kung ianod kaya kita sa baha pabalik sa Canada.

**Obet:**

Darling naman… naghahanap naman ako ng trabaho.

**Mercy:**

Baka nakakalimutan mo mag-aaral na si John-John.

**Obet:**

Alam ko. Darling sinusubukan ko naman. Pinapasukan ko lahat para…

**Mercy:**

Ikaw kung baga sa basketball, kahit ikaw ang highest pointer kung talo naman kayo sa laban. WALA. TALUNAN pa rin. Ikaw, sinusubukan mo nga, palpak ka naman.

TALUNAN KA PA RIN!

**Obet:**

Di naman habang buhay ganito ang buhay natin.

**Mercy:**

Eksaktamento, dahil nakikinita-kinita ko mas marami pang kamalasan ang mangyayari sa buhay naming mag-iina ng dahil sa kapalpakan mo!

**Obet:**

May panahon para magbago ang tao!

**Mercy:**

Magbago? May expiration ang pagbabago sa yo! Ngayon, OO, naiisip mong ituwid ang mga mali mo, dahil lunod ka sa problema. Pero bukas makalawa ano? Babalik at babalik ka rin sa date!

**Obet:**

Bakit ba lahat ng ginagawa ko minamali mo? Lahat ng desisyon ko binabaluktot mo!

**Mercy:**

Dahil ikaw kung baga sa Guiness World of Records, record holder ka ng kapalpakan!

**Obet:**

Eh ikaw kaya ang mag-abroad!

**Mercy:**

Punyeta ka! Eh ikaw kaya ang magbuntis!

**Obet:**

Eh ikaw kaya ang lumublob sa posonegro para lang may extrang pera!

**Mercy:**

Eh ikaw kaya ang maghugas ng pwet ng bata, magpasuso, maglanggas ng tule, mamatay sa nerbyos sa twing nangungumbulsyon ang bata.

**Obet:**

Eh ikaw kaya annggg!! Hoy!!! Magnanakaw!!! Aba hoy! Laptop ko yan!!! Laptop ko yan!

**Mercy:**

Hoyy!!! Laptop namin!!! Hoooyyy!!!

**Obet:**

Hoy! Magnanakaw! Hoy!

**Mercy:**

Ang kapal ng muka mo! Hoy!!! Mga kapit bahay, Benjie! Minay! May magnanakaw! Yun tumatawid sa kable! Magnanakaw!

*(SFX: Strong electric spark!)*

*(Mapapa-atras ang mag-asawa)*

**Obet at Mecry:**

Diyus ko!! Diyus ko!

**Obet at Mecry:**

Diyus ko!! Patay!!!

**Obet:**

Mang Timong!

**Mercy:**

Wag kayong kumapit sa kable! WAG! WAG!

**Obet:**

WAG!

*(SFX: Strong electric spark)*

*(Mapapa-atras muli ang mag-asawa)*

**Mercy:**

Diyus ko mga kapit-bahay! Mga kapit-bahay! Si Mang Timong!

**Obet:**

Mang Timong! Mang Timong! Sasagipin kita Mang Timong! *(titingin kung saan nalaglag si Mang Timong)* Mang Timong sasag…

**Mercy:**

Sige sagipin mo! Magpakamatay ka! Nakita mo ba kung pano ianod ng baha si Mang Timong!?

*(Akmang may hinahanap sa bubong si Obet)*

**Obet:**

Aba … Walang tigil ang bunganga mo!

**Mercy:**

Wala kang utak!

**Obet:**

Wala kang puso!

**Mercy:**

Wala kang kwenta!

**Obet:**

Wala kang apdo!

**Mercy:**

Wala kang bayag!

**Obet:**

Wala kang … wala ka ring bayag!

**Obet:**

Wala kasi tayong lubid. Wala tayong …

**Mercy:**

Dahil wala kang silbe!

**Mercy:**

*(nanggagalaiti sa galit)* Lumayas ka sa paningin ko! Layas!

**Obet:**

*(titingin sa paligid)* Gustuhin ko man, pano???

**Mercy:**

Tarantado! Ayan tumawid ka sa kable!

**Obet:**

Sige basta kasunod kita!

*(SFX: Kukulog, wind, rain continue accelerating)*

**Mercy:**

Walang hiya ka. Lumayas ka habulin mo ang mga helicopter!

**Obet:**

Maghanap ka ng batcha mo! Lumutang ka sa baha!

**Mercy:**

*(galit na galit, sisigaw)* Punyeta ka! Inutil ka!

**Obet:**

Kahit kelan hindi ako inutil! Kung inutil ako di sana hinayaan kitang magtrabaho!

**Mercy:**

Dapat sa yo hinihiwalayan. Maghiwalay na tayo! Maghiwalay na tayo!

**Obet:**

Diyus ko po! Dito mo pa ba sa BUBONG ipo-propose yan?

**Mercy:**

Hindi ako magdadalawang isip na hiwalayan ka!

**Obet:**

Hindi paghihiwalay ang solusyon!

**Mercy:**

Matagal mo na kong hiniwalayan Obet!

**Obet:**

Anong matagal na hiniwalayan? Matagal na hiniwalayan?

**Mercy:**

Nung nag-abroad ka para na rin akong nawalan ng asawa!

**Obet:**

Nag-abroad ako para bigyan ka ng bahay!

**Mercy:**

Bahay na pinagpupugaran ng problema. Nanganganak ng kamalasan.

**Obet:**

Halos isang beses sa isang araw lang ako kung kumaen, nangarpentero, tubero, lahat para makapag-ipon, para hindi ka magtrabaho!

**Mercy:**

Sinusumbat mo sa kin yun?? At ako?? Ano ako nung wala ka?? Nanay at tatay na parang biyuda!

**Obet:**

Ako tatay nga ako, tatay nga ako pero ni wala akong mahawakang bata sa Canada! Nandito nga ako ang layo naman ng loob sa ken ni John-John!

**Mercy:**

Sanay na kaming wala ka. Mas mabuti pang wala ka. Sana nga hindi ka na bumalek!

**Obet:**

Gagawin ko naman ang lahat para sa mga bata, para sa yo. Alam mo yan!

**Mercy:**

Wag na lang. Hindi na bale! Ikaw kung baga sa cellphone wala ka ng pag-asang ma-upgrade kaya kailangan ka ng palitan.

**Obet:**

Ako mismo gagawa ng paraan para hindi mo na ko … *(pagulat na sasabihin)* palitan? Papalitan???

*(Short pause)*

*(SFX: wind, heavy rain accelerating)*

**Obet:**

Palitan? Palitan? Magsalita ka!

**Mercy:**

*(nagngingitngit sa galit)* Hindi ako magdadalawang isip na palitan ka.

**Obet:**

Sa dami ng mga mas sexy kaysa sa yo sa Canada pwedeng-pwede akong magloko dun, pero hindi ko ginawa.

**Mercy:**

Sa dinami-dami ng mga nanligaw sa aken. Nagsisisi akong ikaw? Ikaw?! Ikaw?!

**Obet:**

Dalawa lang kaming nanligaw sa yo. Madami na ba yun?!

**Mercy:**

Punyeta! Dapat hindi kita pinakasalan!

**Obet:**

Desisyon nat..!

**Mercy:**

Hinde! Hinde! Pinlano mo ang lahat, lahat …

**Obet:**

Sige, tawagin mo na kong inutil, ibato mo na ang lahat ng kapalpakan sa ken! Wag na wag mong sisimulan yang …

**Mercy:**

Takot kang harapin mo? Wala ka ngang bayag para harapin mo!

*(SFX: Strong wind, heavy rain accelerating)*

**Obet:**

Ilang taon na, Mercy burahin mo na sa isip mo…

**Mercy:**

Dahil araw-araw, araw-araw sinusumpa kong ikaw! Ikaw!

**Obet:**

May anak na tayo Mercy, magkakaron pa ng isa. Naka-move on na lahat, ikaw naka-stuck ka pa rin!

**Mercy:**

Alam mo kung ano ang dahilan!

**Obet:**

Balewala sa yo lahat ng ginagawa ko … tinutulungan kitang makalimot…

**Mercy:**

Wag mong ibaling sa kanya ang lahat!

*(SFX: wind, heavy rain accelerating)*

*(Lalapitan ni Obet ang asawa, galit na magasasalita)*

**Obet:**

Sa kanya! Sya??? Sya?? Sya pa ren??

**Mercy:**

Nilayo mo sya sa ken!

**Obet:**

Sumagot ka?? Nagkikita pa rin kayo???

**Mercy:**

Walang kabayaran ang ginawa mo!

*(Hahawakan ng mahigpit ni Obet sa braso si Mercy)*

**Obet:**

Sya ba? Sya ba? Sya pa rin ba?

*(Magpupumiglas si Mercy pero lalong hihipitan ang hawak ni Obet)*

**Mercy:**

Alam mo ang dahilan!

**Obet:**

Kung anu-ano pa ang dinadahilan mo, gusto mo lang palang lumaya sa pakikipaglandian mo!

*(Kakawala si Mercy sa pagkahawak ni Obet. Malalagag ang flashlight mula sa bulsa ni Obet.)*

**Mercy:**

Nagsisi akong pinakasalan kita.

**Obet:**

Desisyon natin dalawa yun!

**Mercy:**

Nandidiri ako sa sarili ko sa bawat araw na kasama kita.

**Obet:**

Ba't ba hindi mo na lang tanggapen kung ano meron ka ngayon!

**Mercy:**

Diyus ko! Kung hindi man akong magising sa bangungot na to, sana isang araw mamatay na lang ako!

**Obet:**

Ngayon ka magpasagip kay Alex! Ngayon mo tawagin ang lalake mo! Baka nakakalimutan mo Mercy, may sariling pamilya na rin ang Alex mo!

**Mercy:**

Kung hindi mo ko nabuntis nun, kung hindi mo ko pinikot …

**Obet:**

Tumigil ka! Tumigil ka!

*(Itutulak ni Mercy si Obet.)*

**Mercy:**

Sa tingin mo magpapakasal ako sa yo?!

**Obet:**

Tinutuka ka na ng panloloko ni Alex! Harap-harapan Mercy, alam mo yan!

**Mercy:**

Pinaniwala mo akong may iba siyang babae! Kaibigan mo si Alex, pero ginagago mo sya! Ginago mo kami!

**Obet:**

Alam mo at alam ko na niloloko ka niya. Kung sya ang pinili mo, kung sya ang pinakasalan mo, sino ang mas tanga satin ngayon?

*(Hahampasin ni Mercy si Obet, itutulak.)*

*(SFX: Kukulog, wind, heavy rain continue accelerating)*

**Mercy:**

Putang ina mo! Sinira mo ang buhay ko!

*(Itutulak ni Obet si Mercy)*

**Obet:**

Sinagip kita Mercy! Pilit na binibigyan ng bagong buhay!

*(Paghahampasin ni Mercy si Alex, at itutulak)*

**Mercy:**

Ni maging asawa hindi mo magawang matino, maging tatay pa kaya! Yan ba, yan ba??

Maghiwalay tayo! Maghiwalay na tayo! Lumayas ka! Layas!

**Obet:**

Aalis talaga ako! Aalis talaga ako!

**Mercy:**

Umalis ka na! Layas!

**Obet:**

OO, aalis ako! *(titingin sa paligid)* Aalis talaga ako!

*(SFX: Gust of wind, heavy rain continue)*

**Mercy:**

Ano pa ang tinutunganga mo!

*(Lalakad-lalakad habang tinitignan ang paligid)*

**Obet:**

Iiwan talaga kita!

**Mercy:**

Ayokong makita ang pagmumuka mo!

**Obet:**

Ayokong marinig yang boses mo!

*(Itutulak ni Mercy si Obet)*

**Mercy:**

Layas! Ngayon na! Lumayas ka!

**Obet:**

Tama na ang pagtitiis ko!

**Mercy:**

Ngayon na, layas!

**Obet:**

Hindi mo na kailangan ipagsigawan pa.

**Mercy:**

Anong pang ginagawa mo, alis!

*(Titingin sa paligid. Sisilip sa baha. Titingin ulit sa paligid na animoy may hinahanap at may hinihintay.)*

**Obet:**

Isasama ko ang mga bata!

**Mercy:**

Mga bata??

**Obet:**

Oo! Oo! Hindi ako aalis hangga’t hindi kasama si John-John!

**Mercy:**

At asan ba si John-John, asan??

**Obet:**

Hindi ako aales hangga’t hindi ko kasama ang mga bata!

**Mercy:**

Mga bata? *(Hawak ang tyan)* Asan ba ang batang to?

**Obet:**

Hindi ako aalis hangga't hindi ko sila kasama!

**Mercy:**

Lumulusot ka pa, hindi ka lang makagawa ng paraan para makaalis!

*(short pause)*

*(SFX: Strong wind, heavy rain continue)*

**Mercy:**

Hindi ka namin kailangan ng mga bata kaya makakaalis ka na! Ngayon din!

**Obet:**

Kung magsalita ka parang mag-isa ka lang gumawa ng mga bata! Ako ang tatay ng mga bata kaya hindi ako aalis hangga't hindi sila kasama!

**Mercy:**

*(habang hawak ang tyan)* Hindi mo anak ang batang to!

**Obet:**

Ano??? Anong Sinabi mo??

**Mercy:**

Hindi mo anak ang batang to!

**Obet:**

Puta ka!

**Mercy:**

Si John-John lang ang galing sa yo! Si John-John lang ang anak mo!

**Obet:**

Walang hiya ka!

**Mercy:**

*(Habang hawak ang tyan)* Hindi mo anak ang batang to!

**Obet:**

Wag na wag mong sabihin si Alex ang…

**Mercy:**

Oo. Oo. Oo. Si Alex! Si Alex!

**Obet:**

Kaya pala, kaya pala kahit anong okasyon ayaw mo kong pauwiin. Pinilit kong makauwi yun pala wala pa ako tinatarando mo na ko!

**Mercy:**

Masaket na maloko!? Masaket!? Inintindi mo ba ko noon! Naisip mo ba kung gano kasaket! Ngayon naramdaman mo na! Naramdaman mo na!

**Obet:**

Habang nagpapakahirap ako sa Canada, dinaig mo pa ang puta!

**Mercy:**

Nung araw na pinakasalan kita, dinaig ko pa ang nasa impyerno!

**Obet:**

Walang lugar ang puta sa bahay na to!

**Mercy:**

Walang lugar ang demonyong tulad mo!

**Obet:**

Aalis kang yang bata lang na yan ang bitbit mo!

**Mercy:**

Hindi mo makukuha si John-John! Sisiguraduhin ko kahit daliri ng bata hinding-hindi mo na mahahawakan!

*(SFX: Strong wind, heavy rain continue)*

**Obet:** Wala akong asawang puta!

**Mercy:**

Sulutero kang inutil ka! Hindi mo ko asawa! Kinasal man ako sa yo, pero hinding-hindi ako magiging asawa sa yo!

**Obet:**

Makakaalis ka na!

**Mercy:**

Bahay at bata akin!

**Obet:**

Pinaghirapan ko ang bahay na to, akin to!

**Mercy:**

Patunayan mo, kanino ba nakapangalan ang titulo!?

**Obet:**

Sige sisirin mo ang titulo mo! Wala akong pakialam sa titulo! Lumayas ka!

Ni isang singkong duling wala kang iniluwal para sa bahay na to! Ikaw ang umalis!

**Mercy:**

Kahit isang pako wala kang pinakealaman sa bahay na to. Para kang kabuteng sumulpot mula sa Canada at nakitira!

*(SFX: Helicopter sound accelerating)*

*(SFX: Strong wind, heavy rain continue)*

*(Matitigilan ang mag-asawa)*

**Obet at Mercy:**

Tulong! Tulong!

**Mercy:**

Buntis ako! Tulong! Tulungan nyo ko!

**Obet:**

Wag tong puta na to! Tulong! Tulong!

**Mercy:**

Sulutero tong inutil na to! Buntis ako! Ako ang tulungan nyo!

*(SFX: Helicpter sound fading)*

**Mercy:**

Kaya ayaw mong umales, dahil pati nanay mong mukang pera hindi ka sasagipin dahil wala nang mahita sa yo!

**Obet:**

Kaya ayaw mong umales dahil alam mong pamilya pa rin ni Alex ang pipiliin nya kaysa sa yo!

*Pause silence*

**Mercy:**

Wala ng sasagip sa tin dito.

*Silence*

**Obet:**

Lowbat nako.

*(Lights dimmer)*

**Obet:**

Ay pucha, brownout pa.

**Mercy:**

Wala ng baterya yang flashlight mo.

*Pause silence*

**Mercy:**

Ni isang bubong wala akong makita.

**Obet:**

Ni sa laki nga ng tyan mo hindi ko rin makita.

*Short Pause silence*

**Mercy:**

Putang ina, gusto ko ng siomai!

**Obet:**

Puro tubig nga hindi mo naman mainom.

**Mercy:**

Para na tayong nilaga sa tubig.

**Obet:**

Amoy bulok na medyas na nga ako.

**Mercy:**

Aray! Aray!

**Obet:**

Ano masakit na naman ba ang tiyan mo?

**Mercy:**

Payong, putang ina!

**Obet:**

Akala ko manganganak ka na naman.

**Mercy:**

Hello, sino naman nagsabi sayong manganganak ako sa bubong?

**Obet:**

Hello, yung iba nga sa taxi lang kayang manganak.

**Mercy:**

Gago. Ano ba may checkup pa ko sa Martes.

**Obet:**

May interview ako nun ah.

**Mercy:**

Para naman makukuha mo na visa mo.

**Obet:**

Malay mo, sayang din yun…

**Mercy:**

Ano na kaya nangyari kay John-john? Diyus ko inanod na lahat ng laruan ng anak ko.

**Obet:**

*(Titingin sa baha)* Yung playstation ni John-john oh.

**Mercy:**

Yung ref…

**Obet:**

Yung washing machine…

**Mercy:**

Sinong maglilinis ng bahay pagbaba ng tubig?

**Obet:**

Oh, ako na…

**Mercy:**

Ay, bakit nagrereklamo ka?

**Obet:**

Hindi ako nagrereklamo, sabi ko nga Mercy di ba ako na. Basta ikaw ang maglalaba.

**Mercy:**

Ano Obet? Ano? Ako pa ang maglalaba? Gusto mo bang makunan ako ha? E kung malaglag ang bata ha?

**Obet:**

Hindi, ako na nga ang maglilinis eh, basta ikaw ang maglalaba.

**Mercy:**

Alam mo Obet ikaw kung baga sa… kung baga sa… Hay! Ewan!!!

**Obet:**

Alam mo Mercy ikaw kung baga sa toothpaste hindi ka pwedeng panlaba.

**Mercy:**

Naku Obet napaka walang kwenta ng sinabi mo Obet.

**Obet:**

Naku Mercy hindi mo yon maiintindihan yun kasi napakalalim ng sinabi ko. Akin na nga yang delata.

**Mercy:**

O yan sige o pano mo bubuksan yan ha? O eto payong o gamitin mo.

**Obet:**

O sige… akin na..

**Mercy:**

O ayan o sige. Sunduin mo si John-john.

**Obet:**

O ikaw sige, pumara ka ng jeep.

**Mercy:**

Ikaw maghanap ka ng taxi…

**Obet:**

Pataxi-taxi pa pwede naman jeep lang…

**Mercy:**

Obet...

*(Conversation continues as the lights fade out and the music Basang-basa Sa Ulan fades in.)*

**END**